


Filipino

Ikalawang Markahan - Modyul 8 Pagsulat ng Simpleng Patalastas, Islogan at Pagbaybay nang Wasto sa mga Salitang Hiram



Filipino – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsulat ng Simpleng Patalastas, Islogan at Pagbaybay nang Wasto sa mga Salitang Hiram Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Trinidad A. Tanglao	
Editor:	Aludia N. Badilla, Virginia C. Dulfo, Shirley B. Bacal, Chinky F. Baculanta. Maricris Torres-Tolibas	
Tagasuri:	Jennifer A. Ballena, Cresente A. Beato, Steven P. Santos, Eleonor G. Distrajo, Michael Q. Balan	
Tagaguhit:	Michael Q. Balan,	
Tagalapat:	Rio L. Ador, Swelyn E. Forro	
Tagapamahala:		
	Ma. Gemma M. Ledesma	Bernardo A. Adina
	Rosemarie M. Guino	Gaudencio C. Aljibe, Jr.
	Teodorico C. Peliño Jr.	Lea C. Aberia
	Joy B. Bihag	Virginia C. Dulfo
	Dandy Acuin	Shirley B. Bacal

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan

MELC Modyul 8:

**Pagsulat ng Simpleng Patalastas,
Islogan, at Pagbaybay nang
Wasto sa Salitang Hiram**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta ka kaibigan! Naritong kami muli ang iyong kaibigang si Kakay at si Kokoy, handang samahan ka sa isa na namang makulay at masayang paglalayag. Pero bago iyan ay babatiin muna kita sa iyong matagumpay na pagsagot sa mga gawain sa unang markahan.



Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan:

- Nakasusulat ng simpleng patalastas at islogan
- Nababaybay nang wasto ang mga salitang hiram.
- Nagagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang hiram na natutuhan.

Ang bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na hahamon sa iyong kakayahan. Sundin mo lang ang mga panuto sa bawat gawain

Handa ka na ba?






Subukin

Madalas mo bang marinig ang salitang virus? May nabasa ka na bang patalastas at islogan tungkol sa COVID 19? Kapag ikaw ay tinatanong tungkol dito naipaliliwanag mo ba ang dahilan ng sakit na ito? Halina't alamin ang dahilan ng ating kinatatakutan, si COVID 19!

Gawain 1.

Panuto : Tingnan at suriing mabuti ang larawan.

Ano ang masasabi mo? Ano kaya ang madalas na dahilan sa pagkakasakit ng COVID 19? Maaari mo bang ikuwento ang iyong nalalaman tungkol dito?



(Larawang guhit ni Rolando S. Cada, Borongan City Division Book Illustrator)

Ngayon ay balikan ang mga salitang ginamit sa iyong pagkukuwento, may ginamit ka bang mga salitang hiram? Ano ano ang mga ito?

Itala sa ibaba ang mga salitang hiram na ginamit.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Gawain 2.

Panuto: tingnan ang larawan sa itaas. magtala ng limang hiram salita na kaugnay ng Covid 19

Gawain 3.

Panuto: Gamitin sa paggawa ng simpleng islogan o patalastas ang mga hiram na salita na iyong nabuo sa Gawain 2.

Aralin

1

Pagsulat ng Simpleng Patalastas, Islogan at Pagbaybay nang Wasto ng mga Salitang Hiram



Balikan

Natatandaan mo pa ba ang paborito mong patalastas? Balikan natin ang isa sa mga ito. Isulat ang buong patalastas sa papel pagkatapos ay magtala ng limang salitang hiram na ginamit at ibigay ang kahulugan ng mga ito batay sa pagkakagamit sa pangungusap.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.




Tuklasin

Hindi na bago sa atin ang panghihiram ng salita. Sa katunayan, marami tayong salita na hinango sa mga banyaga na ginagamit hindi lamang sa pakikipag-usap kundi maging sa ating babala o paalaala, patalastas at pagsulat ng mga islogan.

Nasubukan mo na bang bumisita sa isang klinika o ospital sa tuwing ika'y magkakasakit? Tungkol saan ang mga babala o patalastas na madalas mong mabasa sa mga klinikang iyo nang napuntahan? Ano-ano naman ang mga salitang hiram na ginamit sa mga babalang ito?



Suriin ang sumusunod na mga babala, patalastas at islogan na mababasa o makikita sa mga Rural Health Unit (RHU) o klinika sa paaralan. Piliin at itala ang mga salitang hiram na ginamit dito. Isulat ang iyong sagot sa linyang makikita sa ibaba.



(Larawang-guhit ni Rolando S. Cada, HT-3- EAASES)

MGA HAKBANG UPANG MAPROTEKTAHAN ANG SARILI AT ANG IBA LABAN SA COVID-19

1. Ugaliing hugasan nang madalas ang iyong mga kamay ng malinis na tubig at sabon.
2. Magsuot ng *face mask* at *face shield* sa matataong lugar at iwasan ang paghawak sa iyong mata, ilong at bibig.
3. Takpan ang iyong bibig kung uubo at babahing upang maiwasan ang *local transmission*
4. Iwasan ang matataong lugar at isagawa ang *Social Distancing*.
5. Mag *home quarantine* kung ikaw ay may karamdaman.
6. Kung ikaw ay may lagnat, ubo at hirap sa paghinga, magpakon-sulta agad – ngunit tawagan mo muna ang *health facility*.
7. Kumuha ng impormasyon sa mapagkakatiwalaang *health authority*.

(sariling bersiyon ni Trinidad Tanglao)

Upang maging malusog at palaging maganda, ugaliing kumain ng masustansiya! Palaging uminom ng bitamina. At siyempre, Robee E ang piliin! Ang bitaminang mura na, mabisa pa! Robee E, ang *vitamin* na pang *beauty at healthy body* pa! BILI NA!

-Trinidad A. Tanglao

“Para iwas COVID’19, *health protocols* sundin, *face mask* at *face shield* huwag kaligtaang gamitin!”

-Trinidad A. Tanglao

Mga Salitang-hiram:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____



Suriin

Alam mo bang maraming banyagang salita ang ating ginagamit sa pakikipag-usap. Karamihan sa mga ito ay pangalan ng mga produkto, pangalan ng tao, bansa o lugar at bagay na galing sa ibang bansa, Kung kaya't hindi natin maiwasan maghiram ng mga salita.

Ngayon naman ay pag-aralan mo ang mga paraan ng panghihiram ng salita.”

1. Sa panghihiram ng salita sa wikang Espanyol, Ingles at ibang pang banyagang salita, bigkasin sa orihinal na anyo ang hiram na salita saka baybayin ito sa Filipino.

Halimbawa:

Katumbas sa wikang Espanyol o English	Baybay sa Filipino
cheque	tseke
liquido	likido
education	edukasyon

2. Sa panghihiram ng salitang banyaga na may *irregular* na baybay, baybayin ito sa wikang Filipino.

Halimbawa:

Jacket- dyaket, leader- lider,
Teacher- titser, doctor- doktor

3. Sa panghihiram naman ng salitang banyaga na may regular na baybay, gayundin kung konsistent na ang paggamit at tanggap na sa araw-araw na komunikasyon ay maaari na itong hiram sa orihinal ng walang pagbabago.

Halimbawa:

reporter, hair spray, braid, gel,
chemotherapy, curlers density,

- Kung hindi konsistent ang baybay ng salita, hiram sa orihinal at baybayin ng konsistent ayon sa simulain kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa.

Halimbawa:

physical- pisikal, emotional- emosyonal,
column- kolum

(hango mula sa Binagong Ortograpiyang Filipino)

- **Ang Patalastas** ay isang anunsyo o babala na naghihikayat sa mga tao upang tangkilikin ang isang produkto o di naman kaya'y paalalahanan ang mga mamamayan.

Halimbawa:

PATALASTAS NG SABON

Kung nais mong gumanda, gamitin ang sabong Kobina
Kikinis na ang iyong kutis , mikrobyo ay patay pa!
Sabong “kobina” mabisa na mura pa! BILI NA!

- **Ang Islogan** ay isang kaisipan na kaugnay sa isang tema na isinusulat nang may tugma at karaniwang isinusulat na may sampung salita lamang

Halimbawa:

ISLOGAN- TEMA: Kalusugan

“Kalinisan ating panatilihin,
paghuhugas ng kamay ugaliin, maiiwasan ang Covid’19!”

(Ang mga konsepto tungkol sa Patalastas at Islogan ay hango sa sariling kaalaman na natutunan)



Pagyamanin

Panuto: Suriin ang larawan, sumulat ng isang patalastas at islogan gamit ang mga hiram na salita . Gawing gabay ang mga salitang makikita sa ibaba, dagdagan ang mga ito kung kinakailangan.

- facemask
- handwashing
- social distancing
- face shield



Guhit ni: Rolando S. Cada



Isaisip

Hindi magtatagal ay matatapos mo na ang unang paglalakbay sa ikalawang kwarter. Ngayon pa lang ay binabati kita sa isang matagumpay na pagsagot sa mga gawain. Laging isaisip na ang panghihiram ng salita ay bahagi ng pagpapayaman sa wikang Filipino. Ginagamit ang hiram na salita sa iba't ibang sitwasyon. Laging tandaan ang wasto at tamang paraan ng panghihiram ng nito.



Kompletuhin ang pahayag upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Sa panghihiram ng salita na may katumbas sa wikang Ingles at sa Kastila ang preperensya ng hiram na _____.
2. Kung hindi konsistent ang ang baybay ng salita, hiramín ito at baybayin ng _____ sa wikang Filipino.
3. Sa pagsulat ng pagbaybay, kung ano ang _____ ay siya ring _____ at kung ano ang _____ ay siya ring _____.
4. Ang _____ ay isang anunsyo na humihikayat sa mga tao upang tangkilikin ang isang produktong ipinagbibili.
5. Ito ay karaniwang isinusulat na may sampung salita lamang at may tugma, _____.



Isagawa

Panuto: Ngayon kaibigan subukan mong sumulat ng simpleng patalastas at islogan. Gumamit ng mga hiram na salita sa pagbuo nito. Pumili lamang ng isa sa mga sumusunod na paksa o tema.

- a. Panahon ng epidemya
- b. Mga makabagong Teknolohiya



Tayahin

- A. **Panuto:** Suriin ang mga salitang makikita sa ibaba. Isulat ang wastong baybay nito sa wikang Filipino. Sundin ang tamang alituntunin at paraan sa panghihiram ng mga salita. Gawin ito sa sagutang papel.

Halimbawa: column - kolum,

1. artery
2. project
3. malnutrition
4. indication
5. direction

- B. **Panuto:** Isulat ang orihinal na baybay sa Ingles ng mga salitang nakatala sa unang hanay at gamitin sa makabuluhang pangungusap.

Mga Salitang Filipino	Orihinal na Baybay	Makabuluhang Pangungusap.
1. titser 2. doktor 3. likido 4. emosyonal 5. lider		

- C. **Panuto:** Sumulat ng isang simpleng patalastas ng isang produkto gamit ang mga hiram na salita.
- D. **Panuto:** Gumawa ng simpleng Islogan tungkol sa Temang: Kalusugan pangalagaan, upang sakit ay maiwasan” gamit ang mga salitang-hiram.



Karagdagang Gawain

Panuto: Magtala ng 5 salitang-hiram na may wastong baybay sa Filipino at gamitin sa sariling pangungusap.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Panuto: Sumulat ng isang patalastas tungkol sa pangangalaga ng kalikasan

PATALASTAS

Panuto: Gumawa ng isang simpleng Islogan hinggil sa pag-iwas sa sakit.

ISLOGAN

Napakagaling kaibigan!

Binabati kita sa iyong matagumpay na pagtatapos sa ikalawang yugto ng iyong paglalayag sa ibat-ibang makabuluhang gawain.

Hanggang sa muli!





Susi sa Pagwawasto

<p>Karagdagan Gawain: Iba-ibang kasagutan ang maaring maibigay ng mga bata.</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. Arterya 2. proyekto 3. malnutrisyon 4. indikasyon 5. direksiyon</p> <p>B.</p> <p>1. teacher 2. doctor 3. liquid 4. emotional 5. leader</p> <p>(Iba-iba ang maaring mabuong pangunusap ng mag-aaral)</p> <p>C. Iba-iba ang maaring maging sagot ng mga bata)</p> <p>D. (Iba-iba ang maaring maging sagot ng mga bata)</p>	<p>Pagymanin</p> <p>A. Iba-ibang kasagutan ang maaring ibigay ng mga bata.</p> <p>B. Iba-ibang kasagutan ang maaring ibigay ng mga bata.</p> <p>C. Iba-ibang kasagutan ang maaring ibigay ng mga bata.</p>
<p>Tuklasin</p> <p>Mga Habang: 1. Face mask 2. face shield 3. local transmission 4. social distancing 5. home quarantine 6. health facility</p> <p>Patalastas: 1. healthy 2. beauty 3. vitamin 4. body</p> <p>Islogan: 1. health 2. protocols 3. face mask 4. face shield 5. COVID-19</p>	<p>Balikank</p> <p>maaring iba iba ang sagot</p>	<p>Subukin</p> <p>Sariling sagot ng mga mag-aaral.</p>

Sanggunian

K-12 Filipino 5 MELC Gabay Pangkurikulum

KWF, Binagong Ortograpiyang Filipino

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *